

Pagtatasa ng Iyong mga Legal na Bayarin

Bilang Committee of Estate, isa sa iyong mga pangunahing responsibilidad ay bayaran ang abogado mo para sa mga legal na serbisyong natanggap upang mai-appoint ka. Kung ang aplikasyon ay hinadlangan, maaaring bayaran ng estate ang legal na gastos ng mga humahadlang na partido. Sa ilang pagkakataon, maaari ring kailangan mong kumuha ng isang abogado para kumatawan sa nasa hustong gulang na ikaw ang committee. Bago magbayad ng anumang legal na serbisyo, dapat mong suriin ang lahat ng mga bayarin (bills at invoices) upang masigurado na ang mga halagang sinisingil ay makatwiran at naaangkop at ang estate ng nasa hustong gulang ay kailangang bayaran ang mga account. Nagbibigay ang fact sheet na ito ng ilang mga alituntunin para matulungan ka sa pagtatasa ng iyong mga legal na bayarin.

- Sa una mong pagkuha ng abogado, dapat kayong gumawa ng isang nakasulat na kasunduan (“ang paunang bayad”) na tinutukoy ang trabahong gagawin ng abogado, mga serbisyong ibibigay ng iba pang abogado o mga legal assistant sa kompanya, at isang tinanyang gastos ng mga legal na bayarin (fees), mga nagastos at naaangkop na mga buwis. Bago magbayad ng anuman, lubusang suriin ang bill ng abogado upang matiyak na ang impormasyon ay tumutugma sa mga napagkasunduan at sa mga serbisyong ibinigay ng abogado at ang mga halaga na sinisingil ay makatwiran. Mas mataas ang magiging account kung may partidong humadlang sa usapin.
- Kapag mayroon kang mga pag-aalala tungkol sa legal na bayarin, dapat mong kausapin ang abogado tungkol dito. Kung pagkatapos na kausapin ang abogado ay hindi ka pa rin nasisiyahan, maaari mong ipasuri ang account o ipa-ases sa Registrar of the Court. Ang prosesong ito ay tinatawag na pagpapabuwis. Ang listahan ng Court Registry ay matatagpuan sa <http://www.courts.gov.bc.ca>. Gayunpaman, dapat mong malaman na maaaring may mga karagdagang legal na gastos na kaugnay ng proseso ng pagpapabuwis.
- Sa isang pagdinig upang suriin ang mga gastos, isinasaalang-alang ng Registrar ang ilang mga isyu. Ito ay kinabibilangan ng:
 - pagiging kumplikado ng mga isyung kasangkot
 - kasanayan at naiibang kaalaman at responsibilidad na kinakailangan sa abogado
 - katangian at katayuan ng abogado sa propesyon
 - halagang kasangkot
 - makatwirang oras na ginugol
 - kahalagahan ng mga usapin para sa nasa hustong gulang
 - mga nakamit na resulta

Isinasaalang-alang din ng Registrar kung ang lahat ng mga gastos ay makatwiran at kinakailangan.

- Ang isang bayarin (bill) para sa legal na serbisyo ay dapat na magawang suriin sa loob ng isang takdang panahon ayon sa batas. Inirerekumenda na basahin mo sa *Legal Professions Act (Batas ukol sa Legal na Propesyon)* upang siguraduhin na ang haba ng panahon (time frame) ay saklaw ng panahon na maaari pang hamunin ang legal na bayarin.
- Kung kailangan mo ng tulong upang pumili ng abogado sa iyong lugar, makakatulong ang Lawyer Referral Service. Matatawagan sila sa 604.687.3221 o 1.800.663.1919. Mag Dial-A-Law sa (1.800.565.5297). Mayroon din silang mga naka-tape na makatutulong na impormasyon na pwedeng pakinggan sa telepono.

Private Committee Services
Public Guardian and Trustee
#700 - 808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3



Telepono: 604.660.1500
Fax: 604.660.4456
Website: www.trustee.bc.ca